CASE NO. _____

STATE OF TEXAS	**§**	**COUNTY COURT AT LAW**
	§	
VS.	**§**	**NO. SIX**
	§	
_____	**§**	**FORT BEND COUNTY, TEXAS**

KASUNDUAN PARA SA PAGLAHOK SA KORTE NG DWI SA INTERBENSYON BAGO-PAGLILITIS
AGREEMENT FOR PARTICIPATION IN DWI COURT PRE-TRIAL INTERVENTION

Ang kasunduang ito para sa pakikilahok sa isang programang interbensyon-bago paglilitis na ihinaharap sa petsang ito ng/ni_____, ang Nasasakdal sa kasong estilisado sa itaas at may numero at ang Tagapangasiwang Hukom ng Korte ng DWI ("ang Korte").

Ang Nasasakdal ay naghaharap ng sumusunod na mga representasyon at sumasang-ayon sa mga sumusunod na takda:

Ang aking pangalan ay si_____. Ito ang aking totoo at wastong pangalan at hindi ako kailanman nakikilala sa pamamagitan ng iba pang pangalan. Ang aking kasalukuyang adres ng tirahan ay _____ at ang kasalukuyang numero ng telepono ay_____. Bilang isang kondisyon ng kasunduang ito, hindi ko babaguhin ang aking adres ng tirahan nang hindi muna inaabisuhan ang Departamento sa loob ng limang araw sa anumang pagbabago.

Ihinabla ako ng pagkakasalang Pagmamaneho Habang Lasíng sa kasong estilisado na nasa itaas at may numero. Hindi ako idinemanda o isinailalim sa paghahabla sa anumang kriminal na pagkakasala maliban sa kasong ito o sa iba pang hurisdiksyon.

Hindi ako nasentensiyahan sa isang kriminal na pagkakasala, ni nabigyan ng probasyon o ipinagpalibang paghahatol sa isang kriminal na pagkakasala sa ganito o sa iba pang hurisdiksyon sa nagdaang 10 taon. Hindi ako nakilahok sa anumang interbensyon bago-paglilitis o programang dibersiyon para sa isang kriminal na pagkakasala sa ganito o sa iba pang hurisdiksyon sa nagdaang 10 taon.

Nauunawaan ko na makikilahok ako sa programa ng interbensyon ng DWI Court sa loob ng labing walong (18) buwan na magsisimula ngayong araw at pangangasiwaan ako sa panahong ito ng Fort Bend County Community Supervision and Corrections Department (sa sumusunod na bahagi ay "ang Departamento"), o anumang departamento na may hurisdiksiyon ng pangangasiwa. Nauunawaan ko na maaaring mailabas ako mula sa pangangasiwa anumang oras pagkatapos ng isang taon sa programa ngunit ang nasabing maagang pagpapalaya ay nasa pagpapasya ng Korte.

Sumasang-ayon ako na susundin ko ang mga rekomendasyon na nailathala sa kopya ng

pagtatasa na inihanda ng Fort Bend Regional Counsel on Substance Abuse (FBRC) o aprubadong ahensya ng Korte. Makikilahok ako ng matapat sa lahat ng mga programa na inirerekomenda ng Korte at Departamento na maaaring kasama ang paggamot sa paninirahan sa pang-aabuso ng droga at susundin ko ang lahat ng mga alituntunin at regulasyon ng Hukom at Departamento.

Sumasang-ayon ako na mag-uulat sa Departamento tulad ng iniaatas nang nakasulat.

Sumasang-ayon akong bayaran ang lahat ng mga bayarin at gastos, tulad ng ipinag-uutos ng Korte o ng Departamento maliban kung napagpasiyahang ako ay maralita, kung sa alin ang mga bayarin at gastos ay kabilang ang sumusunod:

Buwanang Bayad sa Pangangasiwa:	$60 bawat buwan
Mga Bayad sa Laboratoryo:	$15 bawat pagsusuri
Aparatong Interlock:	$42 bawat buwan
VIP:	$35 bawat isa

Nauunawaan ko na ang kabiguang sumunod sa mga kondisyon ng DWI Court ay maaaring magresulta sa mga parusa kabilang ang mga oras sa superbisyon ng komunidad at/o oras sa kulungan.

Nauunawan ko na kung ihinto ako mula sa programang DWI Court Pre-Trial Intervention dahil sa hindi pagsunod, ang aking kaso ay magpapatuloy na parang hindi pa ako nakapasok sa programa.

Sa panahon ng Interbensyon ng DWI Court, ako ay sumasang-ayon na gawin ang mga sumusunod:

- Iiwasan ko ang nakakapinsala o mabisyong mga gawi. Hindi ako gagamit, kukunsumo o maghahawak ng anumang alkohol, kontroladong substansiya, mapanganib na droga, marijuana o inireresetang gamot na hindi inireseta nang tiyak sa akin sa pamamagitan ng reseta nang naaayon sa batas;

- Magpapasuri ako sa droga/alkohol sa mga awtorisadong tauhan kasama ang Departamento kabilang ang anumang departamento na mayroong hurisdiksyon na may pangangasiwa nang ayon sa direksyon ng Departamento. Magbibigay ako ng katibayan sa anumang mga panggamot na inireseta sa akin nang naaayon sa batas bago magsumite ng isang ispesimen;

- Dadalo ako ng hindi bababa sa dalawang Victim Impact Panels (VIP) at babayaran ang anumang mga gastos kaugnay sa aking pagdalo;

- Hindi ko lalabagin ang mga batas ng estadong ito, o iba pang estado, ang Estados Unidos o iba pang politikal na subdibisyon ng mga huridiksyong ito;

- Dadalo ako sa korte ayon sa direksyon ng Korte o Departamento.

- Kukuha ako, maglalagay at magpapanatili ng isang aparatong alcohol interlock na may kamera mula sa isang kompanya na aprobado ng Fort Bend County Community Supervision and Corrections Department. Ikakabit ko ang aparatong interlock sa loob ng 15 araw ng kasunduang ito sa bawat sasakyan na aking minamaneho habang nasa DWI Court Program. Bukod dito, susundin ko ang lahat ng mga patakaran at mga regulasyon dahil may kinalaman ito sa pagkuha, pagkabit, pagmementina, at paggamit ng nasabing aparatong interlock. Sumasang-ayon ako na ipakita ang nasabing aparatong interlock sa superbisor alinsunod sa kanilang kahilingan. Ang gastos sa nasabing kagamitan ay responsibilidad ko. Sumasang-ayon ako na ang isang In-Home Device ay gagamitin bilang kapalit ng ignition interlock kung wala akong isang balidong lisensya at/o hindi nagpapatakbo ng isang sasakyang de-motor.

Batay sa nabanggit na mga representasyon ng Nasasakdal, ang Korte at ang Nasasakdal ay humaharap ngayon sa sumusunod na kasunduan:

Ang Nasasakdal ay walang karapatang lumahok sa programang Pre-Trial Intervention ng DWI Court at ang kakayahan ng Nasasakdal na malutas ang kasong estilisado na nabanggit sa itaas at may numero sa pamamagitan ng pagsali sa programa na nasa tangì, hindi marerepasong pasiya ng Korte at ng Fort Bend County District Attorney's Office.

Ang pagpapasiya kung nilabag ng Nasasakdal ang alinman sa mga katakdaan o kondisyon ng programa ng Pre-Trial Intervention ng DWI Court ay dapat gawin ng Korte at hindi mapapasailalim sa karagdagang pagrepaso.

Ang pakikilahok ng Nasasakdal sa programang ito ay pangangasiwaan ng Departamento at itinuturing na isang programang interbensyon bago paglilitis na pinatatakbo ng Departamento sa ilalim ng Texas Government Code Section 76.011. Sumasang-ayon ang Nasasakdal na kaugnay sa pagkakansela, ang kasong ito ay kontrolado ng mga takda ng Article 55 ng Texas Code of Criminal Procedure.

Sakaling ang pakikilahok ng Nasasakdal sa programa ng DWI Court Pre-Trial Intervention ay ihinto, ang usaping estilisado sa itaas at may numero ay maiiskedyul sa docket ng Korte na ito na tila walang kasunduan sa interbensyon.

Ang Nasasakdal ay karagdagan pang sumasang-ayon na ang Fort Bend County District Attorney's Office at County Court at Law Number 6 ay pinahihintulutan na mapanatili ang dokumentasyon ng pakikilahok ng Nasasakdal sa programa ng DWI Court Pre-Trial Intervention, at gumamit ng anumang pinanatiling impormasyon para sa pagtiyak ng pagiging karapat-dapat sa hinaharap para sa programa.

Ako, ang Nasasakdal dito, ay nabasa ang kasunduang ito sa kabuuan at sumusumpa sa pamamagitan nito ay totoo at wasto at kumakatawan sa kabuuang kasunduan sa pagitan ko at ng

Korte.

Nasasakdal_____

NILAGDAAN AT SINUMPAAN sa harap ko ng_____

_____

Deputy County Clerk
County Court at Law No. 6
Fort Bend County, Texas

_____

Tatak ng hinlalaki ng Nasasakdal (kanan)

REPRESENTASYON NG ABOGADO NG NASASAKDAL:

Aking nirerepresenta ang Nasasakdal sa kasong estilisado na nabanggit sa itaas at may numero. Ako ay nakapagtagubilin at nakapagpayo noong nakaraan sa aking kliyente tungkol sa mga takda at kondisyon ng sinusundang kasunduan ng Pre-Trial Intervention ng DWI Court; nauunawaan ng aking kliyente ang lahat ng mga takda at kondisyon ng kasunduan; at hinaharap ng aking kliyente ang kasunduang ito nang malaya, may kaalaman at may dunong.

Abogado para sa Nasasakdal

Petsa

REPRESENTASYON NG KATULONG NA ABOGADO NG DISTRITO:

Ang Estado ng Texas sa pamamagitan ng lumagda sa ibaba na Katulong na Abogado ng Distrito ng Fort Bend County District Attorney's Office (FBCDAO) ay sumasang-ayon na kung ang Nasasakdal ay matagumpay na makumpleto ang mga takda at kondisyon ng kasunduang ito sa kasiyahan nito at ng Korte, ang FBCDAO ay dudulog upang ipawalang-halaga ang nabanggit na kasong estilisado sa itaas at may numero.

PUMAYAG SA AT INAPRUBAHAN:

Lagda, Katulong na Abogado ng Distrito
Petsa Fort Bend County, Texas

Petsa

Naka-print na pangalan, Katulong na Abogado ng Distrito

CASE NO. _____

STATE OF TEXAS	**§**	**COUNTY COURT AT LAW**
	§	
VS.	**§**	**NO. SIX**
	§	
_____	**§**	**FORT BEND COUNTY, TEXAS**

KAUTUSAN PARA SA PARTISIPASYON SA KORTE NG DWI SA INTERBENSYON BAGO-PAGLILITIS
ORDER FOR PARTICIPATION IN DWI COURT PRE-TRIAL INTERVENTION

Sa kasunduan ng Nasasakdal at ng Estado ng Texas, at sa pamamagitan ng Abogado ng Distrito ng Fort Bend County, Texas, INIUUTOS ng Korte:

1. Ang Nasasakdal ay magbabayad ng mga sumusunod na bayarin:

Bayad sa Buwanang Pangangasiwa:	$60 bawat buwan
Mga Bayad sa Laboratoryo:	$15 bawat pagsusuri
Aparatong Interlock:	$42 bawat buwan
VIP:	$35 bawat isa

   Ang mga pagbabayad na ito ay dapat gawin sa Departamento upang saklawin ang mga gastusin ng pakikilahok sa programa ng interbensyon at ang Departamento sa pamamagitan nito ay inuutusan na kolektahin ang nasabing halaga at upang mapangasiwaan ang kasunduang ito maliban kung ang Nasasakdal ay natiyak bilang maralita batay sa pinansyal na apidabit ng Nasasakdal;

2. Ang Nasasakdal ay narapat tuparin ang kasunduang ito nang alinsunod sa itinakda sa itaas.

Nilagdaan at iniutos nitong_____

_____
TAGAPANGASIWANG HUKOM
County Court at Law No. 6
Fort Bend County, Texas